University of Bohol Advancing Filipino Research Journal Volume 1 • April 2024
DOI: https://doi.org/10.15631/ubafrj.v1i1.196

# Morpolohikal at Sintaktikal na Pagsusuri sa Awit na Florante At Laura Ni Francisco "Balagtas" Baltazar

**MA. FRANCES G. SALVA**
Department of Education, Valencia Tech.Voc. High School, Poblacion Oriental Valencia, Bohol

***Corresponding Author: Frances21salva@gmail.com***

## ABSTRAK

***Article History***

Submission: November 6, 2023
Revised: January 12, 2024
Accepted: February 27, 2024
Publication: April 2024

***Keywords***— Morpolohiya, intaks, Morposintaksis, Panlapi, Pandiwa

Ang wika ay binubuo at nagtataglay ng mga di-matatawarang istruktura at kayarian na siyang nagpapalalim sa pang-unawa at kaalaman ng mga mag-aaral sa mga pangungusap at salita. Napakahalaga ang may sapat na kaalaman sa istruktura ng wika sa pakikisalamuha upang mas mapadali ang pakikipagtalastasan sa kapwa at naiiwasan pa ang di pagkakaunawaan. Kung kaya't napakahalagang malinang ang mga kakayahan ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng pagbibigay ng guro ng iba't ibang gawain na may kaugnayan sa panitikan at istrukturang pangmorpolohiya at pansintaksis. Tulad ng iminumungkahi ng mga linggwista, ang paggamit ng wika at panitikan ay nangangailangan ng iba't ibang kakayahan. Dahil ang pagtuturo ay itinuturing na sining, kinakailangang isagawa ang pagganyak sa masining na paraan. Dahil sa paggamit ng wika nakasalalay ang tagumpay ng kanyang pagiging guro. Kung kaya't ang pagkatuto ng mga mag-aaral ay nakasalalay sa kabisaan ng mga estratehiyang gagamitin ng mga guro sa paraang ang mga mag-aaral ay nagagawang maiugnay ang kanilang dating kaalaman sa mga bago nilang natutunan. Bilang isang guro, ang mananaliksik ay nagnanais na

© Ma. Frances G. Salva (2025). Open Access. Ang artikulong ito na inilathala ng UB Advancing Filipino Research Journal ay lisensyado sa ilalim ng Creative Commons Attribution-Noncommercial 4.0 International (CC BY-NC 4.0). Ikaw ay malayang makakapagbahagi (kopyahin at muling ipamahagi ang materyal sa anumang midyum o format) at makakapag-angkop (remix, baguhin, at bumuo sa materyal). Sa ilalim ng mga sumusunod na kondisyon, kailangan mong bigyan ng wastong kredito, magbigay ng link sa lisensya, at ipahayag kung may mga pagbabago na ginawa. Maaari mong gawin ito sa anumang makatuwirang paraan, ngunit hindi sa paraang nagmumungkahi na ang nagbigay ng lisensya ay sumusuporta sa iyo o sa iyong paggamit. Hindi mo maaaring gamitin ang materyal para sa mga layuning komersyal. Upang makita ang isang kopya ng lisensyang ito, bisitahin ang: https://creativecommons.org/licenses/by-nc/4.0/

makapagbigay ng mga mungkahing gawain sa mga guro na maaaring magamit sa kanilang pagtuturo sa istrukturang panggramatika tulad ng morpolohiya at sintaks. Ang pangunahing layunin ng pag-aaral na ito ay ang paggawa ng isang pagsusuri sa morpolohiya at sintaksis sa awit na Florante at Laura ni Francisco "Balagtas" Baltazar. Batay sa ginawang pagsusuri natuklasan na ang istrukturang pangmorpolohiya na kadalasang ginamit sa awit na Florante at Laura ni Francisco "Balagtas" Baltazar ayon sa kayarian ng salita ay maylapi at sa pagbabagong morpoponemiko naman ay reduplikasyon. Habang sa istrukturang pansintaksis naman, ang kadalasang ginamit ayon sa kayarian ng pangungusap ay tambalang pangungusap at sa ayos ng pangungusap ay kadalasan nasa di-karaniwang ayos. Samakatuwid, kung ang kabuuan ng pag-aaral ang pag-uusapan, hindi mahirap pag-aralan ang istrukturang pangmorpolohiya at pansintaksis sa wikang Filipino.

## INTRODUKSYON

Ang wika ang nagsisilbing tulay tungo sa pagkakaunawaan at pagkakaisa. Ang wika'y kasangkapang ginagamit ng lahat ng uri o antas ng tao sa lipunan. Nagagamit ito sa iba't ibang aspekto ng pamumuhay ng tao; pang-ekonomiya, panrelihiyon, pampulitika, pang-edukasyon at panlipunan. (Sauco, 2004). Ibig sabihin nito, sa bawat galaw ng tao kailangan niyang gumamit ng wika sa pakikipagtalastasan sa kapwa. Ang bawat indibidwal ay gumagamit ng wika para maipahayag ang mga nais maipabatid para mamuhay nang maayos at may pagkakaintindihan.

Pagsusuring morpo-sintaktik ang tawag sa pinagsamang pagsusuri sa istruktura ng mga salita at pangungusap. Kung gayon, ito ay pag-aaral na pagsusuri tungkol sa morpolohiya at sintaksis. Ang morpolohiya ay ang pag-aaral ng mga morpema ng isang wika at ang pagsama-sama ng mga ito upang makabuo ng salita (Santiago, 2003). Ang sintaks naman ay nauukol sa pag-aaral ng pagkakaugnayan o relasyon ng mga salita upang makabuo ng isang pangungusap (Glaya, 2003). Komplikado ang proseso sa pagsusuri sa morpolohiya at sintaks ng wika sa kadahilanang ang wika ay dinamiko at nagbabago. Maaaring sa paglipas ng mga taon, ito ay mabawasan, makaltasan at madagdagan.

Ang pangunahing layunin ng pag-aaral na ito ay ang paggawa ng isang pagsusuri sa morpolohiya at sintaksis sa awit na Florante at Laura ni Francisco "Balagtas" Baltazar. Susuriin ang istrukturang pangmorpolohikal na kadalasang ginagamit sa awit na Florante at Laura ni Francisco "Balagtas" Baltazar tulad kayarian ng Salita, pagbabagong morpoponemiko at pati na ang istrukturang pansintaktikal na kadalasang ginagamit sa awit na ito tulad ng kayarian ng pangungusap, ayos ng pangungusap. Aalamin ng mananaliksik ang implikasyon sa pagtuturo ng asignaturang Filipino batay sa kinalabasan ng pag-aaral at magbibigay ng gabay sa pagtuturo ang maimumungkahi batay sa kinalabasan ng pag-aaral.

## BATAYANG TEORITIKAL

Ayon kay Hill (2002), ang wika ay ang pangunahing anyo ng simbolikong pantao. Ang simbolikong ito ay binubuo ng mga tunog na nilikha ng mga aparato sa pagsasalita at isinasaayos sa mga klase at patern na lumilikha sa isang komplikado at semetrikal na istruktura. Ang mga simbolikong ito ay mayroon ding kahulugan arbitraryo at kontrolado ng lipunan. Sa pahayag na ito, naipapabatid ang kahalagahan ng wika, partikular ng wikang Filipino bilang gamit sa akademikong Filipino na magagamit tungo sa isang mataas na edukasyon.

Habang sa isang pag-aaral naman ni Tayong (2017) na pinamagatang, Paghahambing ga Wikang Sinama ng mga Badjao sa Wikang Filipino at Ingles sa Konstekstong Ponolohiya, Morpolohiya at Sintaksis, napag-alaman na, "… ang istruktura ng morpolohiya ng wikang Sinama- Badjao ayon sa paglalapi ay katulad din ng sa wikang Sinama ay magkatulad sa wikang Filipino na binuo ng pagsasama ng di–malayang morpema at malayang morpema." Sa pag-aaral na ito, pinag-aralan ang morpolohiya at sintaksis ng wikang Sinama na mga salita ng mga katutubong badjao ngunit sa kasalukuyang pag-aaral ay susuriin ang mga salita at pangngusap sa piling tula ni Balagtas.

Sa pag-aaral naman ni Mars (2018) na pinamagatang "Morphosyntactic Analysis Of The Tandaganon Gay Language, nakasaad dito na, "…multiple-codeswitching creatively violates the grammatical structure of the use of the English language and Filipino as well. The gay language is an adaptation of the English, Filipino, and the dialect as mainstream languages. Gay language is used to protect the speakers from chasms of heterosexuals. It is the reason why gays construct their language through the identified morphological processes." Batay naman sa pag-aaral na ito, ang paramihan ng pagpapalit-koda ay lumabag sa istrukturang pang-gramatika sa wikang ingles at sa wikang Filipino. Ang Gay lingo ay ginagamit upang maprotektahan ang pagsasalita ng mga heteroseksuwal. Kaya ginawa ang Gay Lingo na may kakaibang istrukturang pangmorpolohikal.

Batay naman sa pag-aaral ni Eustaquio (2019) na may pamagat na, "Revisiting the Morphological Features and Syntactic Constituents of Ibanag Literary Texts: A MetaSynthesis of Related Literature" nagsasaad ito na "…regarding the morphological features and syntactic constituents present in the analyzed literary texts, they exposed harmonious result after scrutinizing the literary texts. In terms of morphology, vowel loss, vowel change and reduplication were found among the literary texts. As to syntax, researchers explained it using grammatical constituents present in the literary texts…" Sa isinagawang pagsusuri ni Eustaquio (2019) sa akdang Ibanag ay kakikitaan ng tampok na mga morpolohikal at sintatika. Sa pagtuturo ng morpolohiya at sintaks kailangang pagtuonan ng pansin ang tamang baybay, wastong pagbigkas, ang pagkakabuo ng salita. At ipaliwanag sa bagong henerasyon

ang tamang pagbaybay, pagbigkas at pagbuo ng salita o pangungusap upang maiwasan ang kalituhan.

Sa isang pag-aaral na isinagawa ni Borong (2020) na "Ponolohikal na Pagsusuri sa Minamanwa", sinuri rito ang ang ponolohikal na aspeto ng lenggwaheng mga Mamanwa, batay sa resulta ng pag-aaral inirekomenda ng mga mananaliksik na magkaroon ng pag-aaral pagsusuri tungkol sa leksikal, morpolohikal at ponolohikal sa lenggwahe ng mga Mamanwa.

Sa pag-aaral ni Bacalla (2019) na Morpo-analisis ng wikangTagalog at wikang Sugbuanun'g Binisaya: Pahambing na pag-aaral ay natuklasan na magkakahawig ang wikang Tagalog at Wikang Sinugbuanong Binisaya sa mga morpemang ginagamit. Halos magkakatulad ang tuntunin sa pagkabit ng panlapi sa salitang-ugat. May pagkakaiba ang dalawang wika sa termino na ginagamit. Ang dalawang wika na Wikang Tagalog at Wikang Sinugbuanong Binisaya ay may mga makahawig na mga morpema ng salitang ugat na pareho ang kahulugan ngunit nagkaiba sa ponemang ginagamit.

Sa isa pang pag-aaral pa rin ni Bacalla (2020) na, "Wikang Tagalog at Wikang Sebuwano: Morpo-Analisis na Pag-aaral", natuklasan na ang wikang Sebuwano ay malapit na wika at magkahawig sa wikang Tagalog. Kapuwa ginamit ang mga panlapi sa dalawang wika kahit na ibang termino at magkahawig ang paraan ng paglalapi dahil may tiyak itong gampanin at posisyon ng bawat salita sa isang sintaks na hindi na nilulusong pa ang semantika ng pangungusap.

Sa pag-aaral na, A Morphosyntactic Analysis of Isamal Ergatives: Movement in Ergative ni Jubilado (2021), ito ay isang pagsusuri sa mga piling pandiwa sa wikang Isamal pati na ang istruktura ng pangungusap nito. Sa pag-aaral na ito, natuklasang, "...on morphology, aspects of Isamal includes contemplative, imperfective, and perfective as encoded in the various affixes. The combination of verbal and aspectual affixes in the verbs licenses the type of arguments of the verb as expressed in the argument/ thematic structure and in the structural projection."

Ang istrukturang pang morpolohiya at sintaksis sa mga piling salita ng Wikang Isamal ay mapagdilidili, kadalasang nasa aspetong nagaganap at aspetong magaganap pa. Samakatwid ang wikang Isamal ay isang wikang kakaiba ang istruktura ng pandiwa kumpara sa wikang Filipino.

Sa pag-aaral ni Beeninga 2022), na pinamagatang, "The Study of Morphological Awareness for English Learners", natuklasan ang sumusunod: "…the intervention of morphology instruction not only helped with students' understanding of the meaning of words, but it majorly impacted their ability to decode and spell words correctly." Ang paggamit ng morpolohikal na istratehiya bilang interbensyon sa pagtuturo ng mga mag-aaral sa mga kaalamang panggramatika ay nakakatulong sa pag-unawa sa kahulugan ng salita, wastong pagsulat ng salita at pati na ang wastong pagbaybay. Masasabing ang kaalaman sa morpolohiya at sintaks ay isang pundasyon tungo sa pagunlad ng pagkatuto ng mga mag-aaral.

Sa pag-aaral naman nina Magayano at Lumacao (2022) na, "Gina Man Gud Oyy: Ang Morpo-Sintaktik Na Pagsusuri Ng Davao Conyo Na Ginagamit Sa Mundo Ng Twitter", lumabas sa pag-aaral na ang mga morpema at sintaks ng wikang ito ay nakapattern pa rin sa tatlong wikang bumubuo ng wikang Davao conyo, ang Filipino, Cebuano at Ingles.

## METODOLOHIYA NG PANANALIKSIK

Ang pananaliksik na ito ay gumamit ng deskriptibong pamamaraan sa pagsusuri ng awit na Florante at Laura ni Francisco "Balagtas" Baltazar. Sa pag-aaral, sinuri ang istruktura ng morpolohiya at sintaksis ng mga saknong mula sa 31 aralin ng akda. Kabilang sa mga aralin ang "Gubat na Mapanglaw," "Pamamayani ng Karahasan," "Diyos ang Tanging Nakaaalam," hanggang sa "Masayang Wakas." Sa unang bahagi, sinuri ang mga pandiwang ginamit sa bawat saknong, tinukoy ang kayarian ng salita at pagbabagong morpoponemiko, at gumawa ng talahanayan ng mga salitang pandiwa, salitang-ugat, panlapi, at kayarian. Sa ikalawang bahagi, sinuri ang mga pangungusap batay sa kayarian (payak, tambalan, hugnayan, at langkapan) at sa ayos ng pangungusap (karaniwan at di-karaniwan). Ang bawat kategorya ay binigyan ng interpretasyon at ipinakita sa talahanayan. Ang pag-aaral ay isinagawa sa Valencia Technical Vocational High School sa Valencia, Bohol. Ang mga resulta ay nagbigay ng mga implikasyon para sa pagtuturo ng Filipino at naglahad ng mungkahing mga gawain upang gawing mas kawili-wili ang pag-aaral ng istruktura ng wikang Filipino.

## RESULTA AT TALAKAYAN

Makikita sa talahanayan ang kabuuang pagsusuri sa istrukturang pangmorpolohiya sa awit na Florante at Laura ni Francisco "Balagtas" Baltazar. Mula sa Aralin 1 hanggang sa ika – 31 na aralin. Nakapokus ito sa mga kayarian ng salita at mga pagbabagong morpoponemiko.

### I. Kabuuang Pagsusuri sa Istrukturang Pangmorpolohiya

Makikita sa unang bahagi ang kabuuang pagsusuri sa istrukturang pangmorpolohiya sa awit na Florante at Laura ni Francisco "Balagtas" Baltazar. Ipinapakita rito na ang istrukturang pangmorpolohiya tulad ng kayarian ng pangungusap ang kadalasang ginagamit ay ang **maylapi** na may pinakamataas na kabuuang bilang samantalang ang may pinakamaliit na bilang ng paggamit ay ang **tambalan**. Sa pagbabagong morpoponemiko naman ang kadalasang ginagamit ay **reduplikasyon.** Habang ang pinakamaliit na bilang na paggamit naman ay ang **pagdaragdag**.

Makikita sa kabuuang pagsusuri sa istrukturang pansintaksis sa awit na Florante at Laura ni Francisco "Balagtas" Baltazar. Mula sa Aralin 1 hanggang sa ika – 31 na aralin. Nakapokus naman ito sa mga kayarian ng pangungusap

at ayos ng pangungusap.

Sa istrukturang pangmorpolohiya tulad ng kayarian ng mga salita ang kadalasang ginamit sa awit na Florante at Laura ni Francisco "Balagtas" Baltazar ay maylapi, sumunod ang inuulit at payak. Sa awit na nasuri, dalawang beses lang gumamit ng tambalang salita. Makikita ito sa talahanayan 126 na nasa apendiks na bahagi.

Sa istrukturang pangmorpolohiya tulad ng pagbabagong morpoponemiko, ang kadalasang ginagamit ay reduplikasyon. Malimit lamang ang paggamit ng pagpapalit ng ponema, metatesis, pagkakaltas ng ponema, pagdaragdag at paglilipat-diin. Sa awit na nasuri, hindi ito gumamit ng asimilasyon. Makikita ito sa talahanayan 126 na nasa apendiks na bahagi.

Ang pagsusuri sa Florante at Laura mula sa perspektibong morpolohikal at sintaktikal ay nagpapakita ng malalim na pag-unawa sa istruktura ng wika ni Francisco "Balagtas" Baltazar, at may malaking implikasyon hindi lamang sa pag-aaral ng panitikan kundi sa pagtuturo at paglinang ng wikang Filipino. Sa kabuuang pagsusuri ng morpolohiya, natuklasan na ang mga salitang maylapi ay pinakamadalas gamitin, na nagpapakita ng likas na yaman ng wika sa pagbibigay-diin sa emosyon at intensyon ng bawat saknong. Ang mga maylaping salita ay nagiging instrumento upang magpalalim ng kahulugan at mapatingkad ang mga tema ng katarungan, pag-ibig, at bayan. Bukod dito, mahalaga rin ang reduplikasyon o pag-uulit ng bahagi ng salita, na nagdadagdag ng tindi sa tunog at damdamin ng tula. Ang reduplikasyon ay karaniwang ginagamit sa panulaang Filipino upang palakasin ang imahen at damdamin, at makatutulong ito sa mga mag-aaral na mas mapalalim ang kanilang pagpapahayag sa pagsulat.

Sa kabilang banda, kakaunti lamang ang mga tambalang salita sa akda, na nagpapakita ng pagiging partikular ni Balagtas sa pagpili ng mga salita upang mapanatili ang malinaw at masining na diwa ng kanyang tula. Sa kontekstong pang-akademiko, ang kaalaman sa paggamit ng payak at maylapi kaysa sa tambalan ay maaaring makatulong sa mga mag-aaral na maunawaan kung kailan mas epektibo ang mga ganitong anyo ng salita. Sa pagsusuri ng morpoponemikong pagbabago, natuklasan naman na ang pagdaragdag ng ponema ay bihira lamang gamitin, na nagpapakita ng disiplina ni Balagtas sa kanyang mga morpolohikal na pagpili upang tiyakin na hindi ito magpapabigat sa istruktura ng tula. Sa konteksto ng pagtuturo, ang mga ganitong kaalaman ay nagiging mahalaga sa pagpapalawak ng bokabularyo ng mga mag-aaral at sa kanilang kakayahang gumamit ng mga morpolohikal na elemento sa masining na pagsulat.

Sa pagsusuri ng istruktura ng pangungusap, tambalan at di-karaniwang ayos ang madalas gamitin sa Florante at Laura, na nagbibigay-daan sa mas malalim na paglalahad ng magkakaugnay na ideya. Ang di-karaniwang ayos ng pangungusap ay nagbibigay ng ritmo na nagpapatindi ng damdaming nais ipahayag ng akda, na mahalaga sa paglikha ng makapangyarihang tula. Sa pagtuturo, ang pag-aaral ng mga ganitong istruktura ay makatutulong sa mga

mag-aaral na maunawaan ang pagkakaayos ng mga ideya at ang gamit ng ritmo at tono sa pagsulat. Sa kabuuan, ang Florante at Laura bilang isang klasikong akda ay nagbibigay ng pagkakataon para sa mga guro na gamitin ito bilang modelo ng masusing pagsusuri ng morpolohiya at sintaksis. Hindi lamang ito nagpapalawak ng kaalaman sa wika kundi nagbibigay din ng makasaysayan at makabayang konteksto sa pagkatuto. Ang kasanayan sa morpolohiya at sintaksis ay mahalaga hindi lamang sa panitikan kundi sa mas malalim na pag-unawa sa sariling wika, kasaysayan, at kultura. Ang mga natuklasan sa pag-aaral na ito ay maaaring maging batayan sa pagpapayaman ng kurikulum ng Filipino at makatutulong sa mga mag-aaral na hindi lamang matuto ng wika kundi makabuo rin ng sariling estilo sa pagsusulat at pagpapahayag ng kanilang damdamin at ideya sa malikhaing paraan.

**II. Kabuuang Pagsusuri sa Istrukturang Pansintaksis**

Makikita sa ikalawang bahagi ang kabuuang pagsusuri sa istrukturang pansintaksis sa awit na Florante at Laura ni Francisco “Balagtas” Baltazar. Ipinapakita rito na sa istrukturang pansintaksis tulad ng kayarian ng pangungusap ang kadalasang ginagamit ay ang **tambalan** na kayarian samantalang ang di kadalasang ginamit ay ang **langkapan**. Sa ayos ng pangungusap naman, ang kadalasang ginamit ay ang **di-karaniwang ayos** samantalang malimit lamang ang paggamit ng **karaniwang ayos** ng pangungusap. Sa istrukturang pansintaksis, natuklasan na ang kadalasang ginamit sa kayarian ng pangungusap ay tambalan, sumunod ang hugnayan, payak at panghuli ang langkapan. Makikita ito sa talahanayan 127 na nasa apendiks na bahagi.

Sa istrukturang pansintaksis naman, natuklasan na ang kadalasang ginamit sa ayos ng pangungusap ay ang di-karaniwang ayos. Makikita rin ito sa talahanayan 127 na nasa apendiks na bahagi. Batay sa kinalabasan ng pag-aaral, ang implikasyon nito sa pagtuturo sa istruktura ng wikang Filipino ay mas magiging makabuluhan at epektibo ang pagtuturo kung magkakaroon ng malawak na kasanayan ang guro sa istruktura ng wika katulad ng morpolohiya at sintaksis. Sa kagamitang pampagtuturo sa Filipino 8 (sa awit na Florante at Laura) bilang awtput sa pag-aaral na ito, nabuo ang pinagyamang aktibiti na kinapapalooban ng mga paksang may inalaman sa pagsusuri ng morpolohiya at sintaksis na napapaloob sa awit na Florante at Laura ni Francisco “Balagtas” Baltazar.

Sa pagsusuri ng istrukturang pansintaksis ng Florante at Laura ni Francisco “Balagtas” Baltazar, nakita ang mga katangiang naglalarawan sa estilo at anyo ng pangungusap sa awit. Batay sa mga natuklasan, ang madalas na kayarian ng pangungusap ay tambalan, na nagpapakita ng paggamit ng masalimuot at pinag-uugnay na mga ideya. Nangunguna ang tambalan, na nagpapahiwatig na may mga magkakasunod at magkakaugnay na ideya o emosyon na ipinapahayag sa bawat saknong. Sa kabilang banda, malimit lamang ang paggamit ng langkapan, na nangangahulugan na hindi gaanong

madalas ang pagpapakita ng mas kumplikadong mga ideya na may dalawa o higit pang pangunahing bahagi na may iba't ibang antas ng pagpapahayag.

Samantala, sa ayos ng pangungusap, ang di-karaniwang ayos ang mas madalas ginamit kaysa sa karaniwan. Ipinapakita nito na ang awtor ay naglalagay ng diin sa mga bahagi ng pangungusap, na maaaring mag-ambag sa pagkakabuo ng mas emosyonal na epekto at mas malikhaing ekspresyon sa bawat linya ng awit. Ang di-karaniwang ayos ay nagbibigay ng isang mas matulain at makapangyarihang pagbuo ng pangungusap, at marahil ay may layuning maakit ang damdamin at atensyon ng mga mambabasa sa bawat ideya o damdaming nais iparating ni Balagtas.

Ang mga natuklasan ay may malinaw na implikasyon sa pagtuturo ng Filipino, partikular sa aspeto ng morpolohiya at sintaksis. Kung magkakaroon ng sapat na kaalaman ang mga guro sa mga estruktura ng wika, lalo na sa mga istrukturang pansintaktika na makikita sa mga klasikong akdang tulad ng Florante at Laura, magiging mas epektibo at makabuluhan ang pagtuturo. Ang kasanayang ito ay mahalaga upang maipakita sa mga mag-aaral ang mga natatanging katangian ng Filipino sa panitikan at paano ito ginagamit upang mas mahusay na maipahayag ang damdamin at kaisipan.

Sa pamamagitan ng isang pinagyamang aktibiti na naglalaman ng mga pagsasanay sa pagsusuri ng morpolohiya at sintaksis, ang mga mag-aaral ay magkakaroon ng pagkakataong higit na maunawaan ang kayarian ng wika sa konteksto ng tula at panitikan. Ang mga gawaing ito ay magbibigay-daan upang mapalalim ang kanilang pag-unawa sa estruktura ng wikang Filipino at maiugnay ito sa kanilang sariling pagsasalaysay at malikhaing pagsusulat.

## KONGKLUSYON

Batay sa ginawang pagsusuri, natuklasan na ang istrukturang pangmorpolohiya ng Florante at Laura ni Francisco "Balagtas" Baltazar ay nagpapakita ng masusing pagkakabuo ng wika, na pinakakadalasang gumagamit ng mga salitang maylapi. Ang paggamit ng maylapi ay nagbibigay-halaga sa pagbuo ng mas makapangyarihang pahayag, na nagpapayaman sa mensahe ng akda at nagpapatingkad sa mga damdamin at tema nito. Sa aspektong morpoponemiko naman, ang reduplikasyon ay naging mahalagang bahagi sa pagbibigay ng ritmo at ekspresyon sa tula, kung saan nakikita ang sining ng wika sa pamamagitan ng paulit-ulit na tunog o anyo ng salita, na nagtatampok sa kahulugan at pakiramdam ng mga linya.

Sa pagsusuri ng istrukturang pansintaksis ng akda, ang tambalang pangungusap ang madalas na ginamit, na nagpapakita ng masalimuot at mas detalyadong paraan ng pagpapahayag. Sa paggamit ng tambalang pangungusap, nakikilala ang lalim ng paglalahad ng mga kaisipan ni Balagtas, kung saan madalas na pinagsasama ang magkakatulad o magkaugnay na ideya sa isang komprehensibong pahayag. Ang di-karaniwang ayos ng pangungusap, na karaniwan ding ginamit, ay nagbibigay ng poetikong estilo

at higit na kasiningan sa teksto, na nagpapahayag ng damdamin at mas lalong nagdaragdag ng diin sa mga mahalagang punto. Ang ganitong pagsasaayos ng pangungusap ay nagpapatingkad sa tema ng tula at nagbibigay sa mga mambabasa ng mas malalim na koneksyon sa mga ideya at emosyon ng may-akda.

Ang pagkakabuo ng Florante at Laura sa ganitong morpolohikal at sintaktikal na paraan ay nagiging mahalaga sa larangan ng edukasyon, lalo na sa pagtuturo ng istruktura ng wikang Filipino. Ang paggamit ng akdang ito bilang materyal sa pagtuturo ay nagbibigay sa mga mag-aaral ng konkretong halimbawa ng mga elemento ng morpolohiya at sintaksis na bahagi ng ating wika. Sa ganitong paraan, mas nauunawaan ng mga mag-aaral ang sariling wika hindi lamang bilang paraan ng komunikasyon kundi bilang sining na nagpapahayag ng malalim na damdamin, kaisipan, at kultura ng mga Pilipino.

Sa kabuuan, ang Florante at Laura ay hindi lamang isang obra maestra ng panitikang Pilipino kundi isang kasangkapan upang mailarawan ang yaman ng wikang Filipino. Ang kanyang istrukturang pangmorpolohiya at pansintaksis ay patunay ng kasiningan at kahusayan ng ating wika, na nagbibigay-inspirasyon sa mga guro at mag-aaral na lalong pagyamanin ang kanilang kaalaman sa Filipino. Ang pagkakaroon ng ganitong halimbawa sa pagtuturo ay nagiging mahalagang hakbang upang mapalawak ang pagpapahalaga sa wika, kultura, at kasaysayan ng ating bansa sa mga susunod na henerasyon.

## REKOMENDASYON

1. Pagpapalawak ng Morpo-Sintaktik na Pagsusuri sa Iba't Ibang Anyong Pampanitikan. Ang morpo-sintaktik na pagsusuri, na epektibong ginamit sa Florante at Laura, ay maaaring palawakin at gamitin din sa iba pang anyo ng panitikan tulad ng tula, dula, maikling kwento, sanaysay, talumpati, at nobela. Sa pamamagitan nito, mas mabibigyan ng lalim ang pagsusuri sa wika at istruktura ng mga nasabing anyo, na nagbibigay sa mga mag-aaral ng mas mataas na pag-unawa sa iba't ibang uri ng tekstong Filipino. Makikita ng mga estudyante ang papel ng wika sa pagpapahayag ng tema, emosyon, at ideya sa bawat genre, na mahalaga sa kanilang literasi at kasanayan sa pagsusuri.
2. Pagkilala sa Florante at Laura Bilang Lunsaran sa Pag-aaral ng Gramatika. Maaaring gamitin ang Florante at Laura hindi lamang bilang isang pampanitikang akda kundi bilang isang mabisang materyal sa pagtuturo ng gramatika, partikular na sa iba't ibang bahagi ng pananalita. Halimbawa, ang mga bahagi ng tula ay maaaring gamitin upang magturo ng mga konsepto tulad ng pandiwa, pang-uri, at pang-abay. Sa ganitong paraan, magkakaroon ng mas malalim na pag-unawa ang mga estudyante sa tamang paggamit ng wika sa iba't ibang konteksto at mailalapat ito sa kanilang kasanayan sa pagsulat

at pagbasa.

3. Paggamit ng mga Obra Maestra ng Makata bilang Inspirasyon sa Panitikan. Ang paggamit ng mga klasikong tula at iba pang obra maestra ng mga makatang Pilipino ay isang makapangyarihang paraan upang hikayatin ang mga estudyante na mahalin at pahalagahan ang panulaang Pilipino. Ang pagbibigay ng kaalaman tungkol sa mga akda ng mga manunulat tulad nina Balagtas at iba pang mga makata ay makatutulong upang makita ng mga estudyante ang kahalagahan ng sariling literatura at kultura, na magpapausbong ng mas mataas na pagpapahalaga sa mga likha ng kanilang mga kababayan.
4. Pagiging Mapamaraan at Malikhain ng mga Guro sa Pagtuturo ng Wasto at Angkop na Gamit ng Salita. Mahalagang maging mapamaraan at malikhain ang mga guro sa pagtuturo ng tamang gamit ng salita sa loob ng pangungusap upang matulungan ang mga estudyante sa kanilang kasanayan sa pagsasalita at pagsulat. Sa pamamagitan ng mga aktibidad at estratehiya tulad ng mga praktikal na pagsasanay sa pagbuo ng pangungusap at paglalarawan, maaaring matutunan ng mga mag-aaral ang tamang estruktura ng pangungusap at gramatikang Filipino, na makatutulong upang maging tiyak at epektibo ang kanilang komunikasyon.
5. Paglinang sa Kakayahan ng mga Mag-aaral sa Pagbibigay ng Halimbawa sa Tiyak na Sitwasyon. Mahalaga ring palakasin ang kasanayan ng mga estudyante sa pagbibigay ng mga konkretong halimbawa na naaayon sa tiyak na konteksto. Sa pamamagitan ng mga aktibidad na magpapahintulot sa mga mag-aaral na magbahagi ng kanilang mga halimbawa mula sa sariling karanasan o kasalukuyang mga isyu, matututo silang mailapat ang kanilang natutunan sa mas malawak na konteksto, na nagpapalakas sa kanilang kasanayan sa kritikal na pag-iisip at aplikasyon ng wika.
6. Pagpapaunlad ng Kakayahan sa Pagsulat at Wastong Gamit ng Salita. Ang kasanayan sa pagsusulat at wastong gamit ng salita ay maaaring mapaunlad sa pamamagitan ng masusing pagsasanay sa gramatika, lalo na sa aspeto ng morpolohiya at sintaks. Maaari itong isagawa sa pamamagitan ng mga gawain sa pagsulat na naglalayong magsanay ang mga mag-aaral sa wastong pagkakaisa ng mga ideya sa loob ng isang talata. Sa ganitong paraan, masasanay ang mga estudyante sa paggamit ng tamang gramatika sa bawat pangungusap at talata, na mahalaga sa paglalahad ng malinaw at maayos na mga kaisipan sa akademikong pagsulat.
7. Paggamit ng Mungkahing Gabay sa Pagtuturo. Ang gabay na binuo ng mananaliksik ay maaaring gamitin ng mga guro sa Filipino upang mapalawak ang kanilang kasanayan sa gramatika, partikular sa morpolohiya at sintaks. Sa ganitong paraan, nagkakaroon ng karagdagang kagamitan ang mga guro na maaari nilang gamitin

upang gawing mas interaktibo at mas mainteresanteng pag-aaral ng gramatika ang mga klase. Ang ganitong gabay ay magpapataas ng antas ng kasanayan ng mga guro sa pagtuturo, na makikinabang din ang mga estudyante.

8. Pagsasagawa ng Masusing Pag-aaral sa Panggramatikang Kasanayan ng mga Mag-aaral. Ang mga guro at mananaliksik ng wika ay hinihikayat na magsagawa ng mas malalim na pag-aaral sa panggramatikang kasanayan ng mga mag-aaral upang matukoy ang mga aspeto ng morpolohiya at sintaks na mahirap matutunan o karaniwang nagiging problema ng mga mag-aaral. Sa pamamagitan nito, maaaring maikonsidera ang mga karagdagang estratehiya at mga pagbabago sa pagtuturo na mas makakatugon sa partikular na pangangailangan ng mga estudyante sa Filipino, na siyang magpapabuti sa kabuuang kakayahan nilang makipagkomunikasyon at magpahayag ng kanilang mga ideya.

## SANGGUNIANG BANGGIT


Bacalla, L. (2019). Morpo-analisis ng wikang Tagalog at wikang Sugbuanun'g Binisaya: Pahambing na pag-aaral. Retrieved from: https://bit.ly/3jw8EZG (accessed 21 December 2022).

Bacalla, L. (2020). Wikang Tagalog at Wikang Sebuwano: Morpo-Analisis na Pagaaral. Retrieved from: https://bit.ly/3PRPMQK (accessed 23 December 2022).

Beeninga, J. (2022). The Study of Morphological Awareness for English Learners. Retrieved from: https://bit.ly/3vlWFQM (accessed 18 December 2022).

Borong, N. (2020). Ponolohikal na Pagsusuri sa Minamanwa. Retrieved from: https://bit.ly/3YDUBkC (accessed 23 December 2022).

Eustaquio, Ma. Theresa L. (2019). Revisiting the Morphological Features and Syntactic Constituents of Ibanag Literary Texts: A Meta-Synthesis of Related Literature. Retrieved from: https://bit.ly/3GeVgkr (accessed 21 December 2022).

Glaya, M., et al. (2003). Filipino sa Nagbabagong Panahon. New Day Publisher, Quezon City.

Hill, A. (2010). What is language. Retrieved from: https://bit.ly/3CECIsT (accessed 30 December 2022).

Jubilado, R. (2021). A Morphosyntactic Analysis of Isamal Ergatives: Movement in Ergative. Retrieved from: https://bit.ly/3WYFscj (accessed 27 December 2022).

Magayano, J., & Lumacao, J. (2022). Gina Man Gud Oyy: Ang Morpo-Sintaktik Na Pagsusuri Ng Davao Conyo Na Ginagamit Sa Mundo Ng Twitter. Retrieved from: https://bit.ly/3jnjtNn (accessed 27 December 2022).

Mars, S. (2018). Morphosyntactic Analysis Of The Tandaganon Gay Language. Retrieved from: https://bit.ly/3YH0q0K (accessed 24 December 2022).

Santiago, A., & Tiangco, N. (2003). Makabagong Balarilang Filipino-Binagong Edisyon. Rex Store.

Sauco, C., et al. (2004). Pagbasa At Pagsulat Sa Iba't Ibang Disiplina Para sa Antas Tersyarya. Katha Publishing Co., Inc., Quezon City.

Tayong, N. (2017). Paghahambing ga Wikang Sinama ng mga Badjao sa Wikang Filipino at Ingles sa Konstekstong Ponolohiya, Morpolohiya at Sintaksis. Retrieved from: https://bit.ly/3uZ6ILC (accessed 19 December 2022).